Mahalaga ang isang family doktor

⚠ Magpatingin sa iyong family doktor

Ang mga family doctor ay ang iyong pangunahing tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at may mahalagang papel sa iyong kalusugan at paggaling. Mahalagang makita sila nang regular. Ang mga family doctor ay tinatawag ding mga general practitioner (GP), o doktor sa pangunahing pangangalaga.

Sisiyasatin ng mga family doktor (mag-diagnose) at gagamutin ang mga karaniwang problema sa kalusugan sa pamamagitan ng:

- Pagtingin, pakikinig, at pagsusuri sa mga bahagi ng iyong katawan
- Nagtatanong sa iyo tungkol sa:
  - Ang iyong kalusugan
  - Kalusugan ng miyembro ng pamilya
  - Ang iyong buhay at ang pang araw araw na gawain (tulad ng dieta, ehersisyo, paninigarilyo, pag-inom ng alak, paggamit ng droga, trabaho at sitwasyon ng pamumuhay)
- Pagkokonekta sa iyo sa iba pang mga serbisyong pangkalusugan at mga specialista
- Pagsubaybay at pag-coordinate ng pangangalaga. Sila magpapaliwanag ng mga resulta ng pagsusuri
- Pag-order ng mga pagsusuri (tulad ng ihi, dugo, o imaging)

811 Health Link
Advice 24/7

Tumawag sa 811 upang makahanap ng doktor
https://albertafindadoctor.ca/
Serbisyong interpretasyon na maaring magamit

Sa Kasalukuyan: May, 2025
May-akda: Cancer Care Alberta, AHS

Alberta Health Services | Physician Learning Program